



(c)2008



GABAY SA PAGTATANIM NG ORGANIKONG SILI




PANGANGAILANGAN SA LUPA AT KLIMA

Itanim sa mabuhanging-banlik na lupa na sagana sa organikong bagay. Maaari itong itanim anumang buwan ng taon sa mga lugar na mabababa o medyo mataas. Ang kailangang temperatura sa araw ay 25-28oC at 16-18oC naman sa gabi para sa pagkabuo ng bunga.

PAGPILI NG BINHI

Ang siling maanghang ay may dalawang uri, ang siling labuyo at siling mahaba. Ang huli ay kadalasang hinahalo sa mga nilulutong pagkain. Para sa organikong pagtatanim, nirerekomenda ang Cayenne Long, Thai Dragon, Kung Pao, at Jalapeno M.



Siling-haba



Cayenne Long



Jalapeno



Ang sili (*Capsicum frutescens L.*) ay ginagamit bilang pampalasa ng mga pagkain o sawsawan dahil sa anghang nito. Sagana ito sa bitamina A at bitamina C at nagtataglay rin ng calcium at iron. Bukod sa gamit nito bilang pagkain, popular din ang sili sa organikong pagtatanim ng mga gulay at iba pang uri ng halaman bilang pampuksa ng mga peste.



PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Araruhin at suyurin ang taniman ng 2 beses upang maging buhaghag ang lupa. Gumawa ng mga kamang taniman na may lapad na 1 m at haba na 10 m o depende sa laki ng taniman. Lagyan ang mga ito ng compost sa dami na 2.5 kg kada 5 metro kuwadrado.



PAGPUPUNLA

Magpunla ng 200 – 250 g ng buto sa kahong punlaan na may pinaghalong lupa, binulok na dumi ng hayop at carbonized rice hull (CRH) (tig-isang parte). Gumawa ng mabababaw na linya na may pagitan na 10-15 cm at ibudbod ang mga buto. Diligan ang punlaan bago at pagkatapos itanim ang mga buto. Takpan ito ng dayami at ipa ng palay. Diligan araw-araw o kung kinakailangan at ilagay sa lilim. Bawasan ang dalas ng pagdidilig at paarawan ang mga punla isang linggo bago ilipat-tanim.



PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Mag-text sa PhilRice text center 0920-911-1398

Bisitahin ang Pinoy Rice Knowledge Bank www.pinoyrice.com
rice_matters (twitter) | rice.matters (facebook)





PAGLILIPAT TANIM

Ilipat-tanim ang mga punlang may edad na 4-5 linggo. Maghukay ng mga butas na may pagitan na 45 cm sa mga hanay. Lagyan ang bawat butas ng isang dakot na kompost o binulok na dumi ng hayop. Magtanim ng 1-2 punla bawat butas at takpan ito ng lupa. Diinan nang bahagya ang palibot ng halaman. Diligan ang mga ito pagkalipat-tanim.



Epekto sa dahon dahil sa virus



PANGANGALAGA

Mag-aplay ng karagdagang binulok na dumi ng hayop o kompost depende sa tubo ng halaman. Diligan ang taniman ng isang beses sa isang linggo o kung kinakailangan. Ang paglalagay ng mulch ay makakabawas ng 50% pagdidilig.

Ang mga punla ay sensitibo sa damo mula ika-12 hanggang 48 na araw pagkalipat-tanim kaya tiyaking makontrol ang mga damo sa panahong ito.



PAMAMAHALA SA SAKIT AT PESTE

Karaniwang peste ng sili ang thrips, hanip, uod, at langaw. Tanggalin ang mga bungang nasira ng mga peste, Maaari ring magtanim ng sibuyas, amarilyo, mais, zinnia at cosmos sa paligid upang maitaboy ang mga uod at thrips at mahimuk ang pagdami ng kaibigang kulisap.

Ang pangunahing sakit ng sili ay pagkalanta dulot ng bakterya at virus. Bunutin at ilibing ang mga halamang tinamaan ng sakit upang maiwasan ang pagkalat ng sakit. Gumamit ng malulusog na punla at tiyaking hindi tinitigilan ng tubig ng matagal ang taniman.



Uod na kumakain sa dahon ng sili.



Pangungulubot ng dahon na sanhi ng virus.



PAG-AANI

Anihin ang mga hinog na bunga sa umaga. Gawin ang pag-aani tuwing ika 3-4 na araw. Ilagay ang mga ito sa kahon na plastik, karton, o kawayan na sinapinan ng dahon ng saging.

MGA PINAGHALAWAN

EAST-WEST SEED PHILIPPINES. Hot Pepper: Crop Management. Petsa ng pagdownload: Setyembre 11, 2015 mula sa <http://www.eastwestseed.com/philippines>

MAGHIRANG RG, RODULFO GS. Hot Pepper Production. PCARRD – DOST Information Bulletin No. 160.

QUINLAN J. 2014. Growing Hot Peppers: How to Grow Hot Peppers Organically. Petsa ng pagdownload: Setyembre 11, 2015 mula sa www.growinganything.com.

Sweet & Hot Peppers Production Guideline. STARKE AYRES®. Petsa ng pagdownload: Setyembre 11, 2015 mula sa www.starkeyayres.co.za.

VALLAD G. Identifying and Controlling Tomato, Eggplant & Pepper Diseases. Petsa ng pagdownload: Setyembre 11, 2015 mula sa http://solutionsforyourlife.ufl.edu/hot_topics/pdfs/Tomato-Diseases.pdf.

MGA LARAWAN

www.eastwestseed.com

www.edenbrothers.com

www.amazonaws.com

www.omafr.gov.on.ca

<http://web.extension.illinois.edu>